The Lord's Flock

THE LORD'S FLOCK
GROWTH DIGEST
PASTORAL GROWTH SERIES

# Malabo

Sis Techie Rodriquez, Elder- Founder
January 27, 2021

Kailangan natin ang ating mga mata para mapahalagahan ang kagandahang likha ng Diyos. Ngunit marami sa atin ang pisikal na bulag dahil sa maraming kadahilanan *(myopia, color-blindness, glaucoma,* atbp.) May mga tao ring malabo ang paningin; anino o parang may usok lamang ang nakikita. Sa katunayan, ang pagkabulag ay matinding trahedya, lalong-lalo na ang espiritwal na pagkabulag. Binulag ni satanas ang panloob na mata ng ibang tao, hindi nila nakikita ang Diyos na buhay. Dapat aralin nating lahat ang Salita ng Diyos para manumbalik ang ating espiritwal na paningin, at makita natin ang katotohanang mahal tayo ng Diyos.

**1. Sino-sino ang mga taong bulag sa Bibliya?**

1.1 **Ang lalaking ipinanganak na bulag** (Jn. 9:1-11). Ginamit Niya ang pagdurusa ng bulag para mabigyan ng kaluwalhatian ng Diyos.

1.2 **Ang dalawang bulag** ay gumaling dahil sa kanilang pananalig. "Mangyari sa inyo ayon sa inyong paniniwala" (Mt. 9:27-31).

a)Sinusubok ng Diyos ang ating PANINIWALA. Kailangang kumilos tayo agad dahil patay ang pananampalatayang hiwalay sa mga gawa.

b) Sinusubok Niya ang ating SIGASIG. Kapag nakita ng Diyos na hindi tayo sumusuko, matutuwa Siya.

c) Ang totoong PANINIWALA ay may GAWA. Kung naniniwala tayong si Jesus ang sagot, huwag nating pahintulutan maudyukan tayo ng iba.

d) Nagpagaling Siya dahil Siya'y MAAWAIN.

e) Nagdala Siya ng KAGALINGANG ESPIRITWAL sa mundong maysakit.

1.3 Nakita ni **Bartimeo** ang mga bagay na espiritwal maski siya'y pisikal na bulag (Mk. 10:46-52). Nakilala niya ang mga tanda't himala ni Jesus.

- Kung tayo'y espiritwal na bulag, nakahiwalay tayo sa Diyos dahil sa ating kamangmangan at katigasan ng ating ulo (Efeso 4:18).

1.4 Ang mga **ALAGAD.** Dumaan si Jesus**,** ngunit hindi nila nakilala dahil malabo ang kanilang mga mata (Mk.4).

- Si Pablo ay taga-usig ng mga Kristyano (Gawa 9). Pagkatapos niyang makatagpo si Jesus, kinilala niya si Jesus bilang Panginoon. Inamin niya ang kanyang mga kasalanan at isinuko sa Diyos ang kanyang buhay.

**2. Iba't ibang uri ng pagkabulag**

**2.1 Bulag sa kaisipan.** Ang pagkabulag na ito ay mas nakalulumpo. Ang maling kaisipan ay hindi na mababago. Humahantong ito sa espiritwal na pagkabulag, kung di nakikita ang kabutihan ng Diyos.

**2.2 Kapansanan sa paningin.** "Ang pinakamasamang mangyayari sa isang tao ay hindi sa pagkawala ng kanyang paningin kundi ang pagkawala ng kanyang pananaw" (Helen Keller).

**2.3 Malabong paningin.** Malabo ang lahat dahil bulag tayo sa kalooban ng Diyos; hindi natin nakikita ang espiritwal na pananaw ng Diyos para sa pamayanan at para sa atin.

**2.4 Nakakikita sa malapitan (shortsightedness)**

Kung tayo'y pabaya sa pagpapalago ng ating pananalig, mabubulag tayo sa pagkapoot. "Ngunit ang napopoot sa kanyang kapatid ay nasa kadiliman pa" (1 Jn. 2:11). Hindi tayo makapapasok sa langit kung tayo'y napopoot sa ating kapatid.

**Konklusyon:** Si Jesus ay ilaw ng sanlibutan, "dati akong bulag, ngunit ngayon ako'y nakakikita na." Buksan natin ang ating mga puso at isipan sa mga kabutihan ng Diyos. Gagawin Niya tayong buo muli at bibigyan ng panibago pananaw at totoong layunin sa buhay (Col. 1:13). "Mamuhay tayo ayon sa pananalig sa Diyos, hindi sa mga bagay na nakikita" (2 Cor. 5:7).

**Pagninilay:** Anong uri ng pagkabulag mayroon ka? Paano ka magkakaroon ng panibagong pananaw?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags: #espiritwalnapagkabulag #ilawngsanlibutan #kabutihanngDiyos #pananalignamaygawa #mamuhayayonsapananali